

1

Na-bored na siya sa paglalaro ng *PlayStation Portable* o *PSP* na hawak. Wala sa sarili na napalabas ng kuwartong iyon ang fourteen-year old na si Sandy upang magtungo sa sariling silid. Hindi niya pansin ang pakikipag-usap ng nakatatandang kapatid niyang si Belle sa matalik nitong kaibigan na si Lace tungkol sa pagdating ng mga Palanca.

Pamilyar sa kanya ang apelyidong iyon. Minsang naghapunan ang pamilya nila ay binanggit ng kanilang ama sa ate niya ang planong pagpapakilala nito sa huli sa nakatatandang anak ng mag-asawang Palanca.

Bagong kasosyo ng kanilang negosyo ang naturang pamilya at siyang sumagip sa ama nila nang halos malugi na iyon noong nakaraang taon. Sila, ang mga Valencia, ay nagmamay-ari ng isang malaking chain ng hotels at kakompitensya nila noon ang mas malaking kompanya ng mga Palanca. Not until later, when the two families signed a deal.

Nang makarating sa kanyang kuwarto, pabagsak siyang nahiga sa kama niya, walang pakialam sa pagsisimula ng kasayahan sa malawak na lawn ng

mansyon nila. Debut ng only sister niya ang naturang pagtitipon. Wala si Toby kaya wala siyang kalaro, ang best friend niyang kasinlaki ni *Jollibee* at kapitbahay nila na kuya naman si Tristan, ang mortal enemy ng ate niya.

Ikinurap niya ang mga mata, hindi alam ang gagawin. Gusto na niyang hubarin ang suot niya, pero baka hanapin siya ng papa niya. Napapabuntong-hiningang bumangon siya at nagtungo sa gilid ng bintana upang sumilip sa mga kotseng nakaparada sa labas ng kanilang gate. Marami-raming kotse na ang naroon. Sa ilalim ng bintana ng silid niya, naroon ang isang mayabong na puno ng mangga. Iyon ang subok na niyang exit mula sa kuwarto niya.

Ibinukas pa niya nang mas malaki ang bintana, sapat lamang upang maya't maya ay makalusot ang petite niyang katawan doon. Kinapitan niya ang mahahabang braso sa isang sangang nakalawit lamang sa gilid ng bintanang iyon. Naglambitin muna siya nang ilan pang segundo hanggang mai-twirl ang katawan upang mapaupo sa isang mas malaking sangang natatabunan pa ng ilang sanga at makakapal na dahon ng mangga. Ang plano niya, tatakas siya at sa halip ay bibisitahin ang may lagnat na si Toby.

Medyo tago ang bahaging iyon ng bahay nila, kahit

nakikita ng bintana niya ang harapan, nakaposisyon sa gilid ang puno at natatabunan ng bungad ng isang malaking garden. Nanatili muna siya roon bago napakapit sa sanga at aaksyong gagapang at tatalon na sana pababa nang mamataan niya ang paglapit ng isang bulto. Napakagat-labi siya. Pinaningkit niya ang mga mata upang suriin ang pigura.

Isang estranghero ang papalapit sa punong iyon...

Nagmamadaling napalakad ang beinte-dos años na si Martin sa nakita niyang punong mangga.

Ihing-ihing na talaga siya at kanina pa niya pinipigil habang lulan ng kanyang gray sports sedan. Kanina pa siya naiimbyerna sa mga magulang dahil sa kakulitan ng mga ito na pumunta siya sa tahanan ng mga Valencia dahil kasali siya sa eighteen roses ng debutante. Kagagaling lang niya sa isang bar, nakipag-meet up sa kanya ang ilang kabarkada. Nasa Amerika pa siya ay kinukulit na siya ng mama niya na kailangan niyang umuwi ngayong break niya. Dalawang taon na lang ang natitira at tapos na siya sa kurso ng Business Administration sa *University of California* sa Los Angeles. Lumingon siya sa paligid, sinigurong walang tao.

Kapapasok lang niya ng gate at imbis na dumerecho sa entrada ng malaking bahay ay napa-segway siya ng lakad. Punung-puno na yata ng ihi ang pantog niya, kung bakit naman kasi hindi niya naisip na magpunta sa rest room ng bar. Alam niyang hindi na siya aabot sa entrada, lalo na't marami pang mga pagpapakilalang magaganap. Pumuwesto siya sa likod ng puno. He unzipped his pants.

He shivered.

Animo isang pagsirit na mula sa isang hose ng tubig ang nadinig matapos ang isang segundo. He whistled a lively tune as relief cascaded through his body. Nagpalinga-linga siya at saglit na tumingala. Yumuko na siya, akmang isasarado na ang zipper ng pantalon nang biglang mapatigil.

Ibinalik niya ang pansin sa itaas.

Nagpalabas siya ng isang impit na sigaw sa maputing batang kapre na nakatingin pababa sa kanya!

Matinis na napasigaw si Sandy sa kabiglaan. Nadulas ang kanyang paa mula sa pagkakaupo sa puno at nawalan ng balanse. Kanina, halos matutop niya ang bibig sa nasaksihan, ngunit napagdesisyunan

niyang huwag nang sumigaw at hayaan na lang ang pananamantala ng estrangherong iyon sa pinakamamahal niyang puno, minus pang halos ma-trauma ang inosente niyang mata sa nakita!

Halos mahulog siya, pero listo niyang naikapit ang isang kamay sa isang manipis na sanga. Naramdaman niya ang animo pagtama sa pisngi niya ng isa pang matulis na maliit na sanga. Napagibik siya at nang hindi na makaya ang bigat ng sariling katawan ay tuluyan na siyang napasigaw. Derecho sa lupa ang puwitan niya!

Samantala...

Napatayo paharap kay Martin ang aparisyong iyon. Sa panghihilakbot niya, nakabuka pa ang bibig nito at titig na titig ang mabibilog na mata sa slacks niya. Muli itong napatili at itinabon ang dalawang kamay sa mga mata. Nangingkit ang kanyang mga mata at bago pa man mapapitik sa reflex niya na tumalikod ay kasing-bilis pa ng superhero na si *Flash* na nakatakbo ang bulto palayo sa kanya.

Nahimasmasan siya at nagmamadaling isinara ang zipper ng kanyang pantalon. In his most unspeakable horror, he realized that a disheveled small child in a balloon skirt just dropped from the tree, witnessed his most embarrassing moment and

ran away!

Nakatutok ang mga mata nila ni Toby sa malaking flat screen TV sa kuwarto nito. Nakahiga sa kama ang kaibigan niya at may bimpo sa noo nito na hawak niya habang nagre-reflect naman sa makapal na salamin nito ang isang eksena sa *Star Wars*. Kanina, lumusot siya sa bakod sa likuran ng bahay nito na naka-adjoint lang sa garden nila.

“Toby, ganyan ba talaga kayong mga lalaki, umiihi ba talaga kayo sa puno?”

“Depende. Ako, umihi na ako minsan sa pader ng mural painting ni Moon,” anito na tinutukoy ang crush nitong kaklase nila.

“Yikes! First place ’yung mural painting na ’yun, ah! Bakit ginagawa n’yo ’yan? Bakit hindi kayo tumulad sa ’ming mga babae? Sa CR naman kami nag-ji-jingle. Tumigil ako sa pag-ihi sa garden namin n’ung grade two ako.”

“Tumigil ka n’un, dahil nakita ka ni Kuya! Tinukso ka!” Napatawa ito, animo walang sakit. Napabahing itong bigla, sabay ng paghalukipkip. “Umiihi naman ako sa CR, ah. Hindi ko lang talaga kaya minsan!” pahabol nito.

Naningkit ang mga mata niya. Sasabihin ba niya sa kaibigan ang karumal-dumal na tagpo sa buhay niya?

“Siyanga pala, Sandy, may secret akong sasabihin sa 'yo, pero ipangako mong secret lang natin 'to!” Sumigla ang kaibigan, inalis ang mga mata sa DVD movie na pinapanood nila.

“Okay, promise,” kibit-balikat niya at inilapit ang tainga rito.

“N-nanligaw ang ate mo sa kuya ko noong grade six sila!” Mukhang hindi bulong iyon sa lakas ng pagkakasambit nito. Nanlaki ang mga mata niya.

“K-kay Kuya Tristan?” maang niya. Mabilis na napatangu-tango ang kausap at napatayo, may hinablot ito sa likod ng unan nito at nang ipakita sa kanya ay isang lumang stationery. Binuksan niya iyon at sa mangha niya ay nakasulat nga ang pangalan ng ate niya matapos ng closing line na ‘Lovingly Yours’. Napakapangit ng handwriting sa sulat!

“Huwag mo 'tong ipagkakalat, ha! Nagnakaw ako noong isang linggo ng mga VCD tapes sa tokador ni Kuya! Sa kagagalaw ko ay may nahulog na isa pang box sa itaas ng tokador, bukod sa X-rated...” Namutla ito sa nasambit at napakamot ng ulo. “Ah,

wala! Basta! Nakita ko 'yan! Pagagalitan talaga ako ni Kuya nito pag nalaman niya, kaya ipangako mong secret lang natin ito, ha?" paniniguro nito.

Nakangiting nag-high five sila.

Simula nga nang gabing iyon, maraming nagbago kinalaunan. Ilang araw ang lumipas nang ianunsyo ni Belle ang paghingi ni Martin ng numero rito. Natuwa ang kanilang ama sa pagkakamabutihan ng dalawa. Hindi na nakita ni Sandy si Martin dahil matapos nang gabi ng debut na iyon, bumalik na ito sa Amerika.

Naghintay pa ang ate niya nang dalawang taon bago nagtapos si Martin sa kurso nito at nang makabalik ito ulit sa Pilipinas, doon na tuluyang nagkamabutihan ang dalawa. Full-time model na rin si Belle noong mga panahong sinagot na nito ang binata.

Naging abala na rin sila ni Toby sa pag-aaral, at nalimutan na rin niya ang sulat na nadiskubre nila ng best friend niya isang gabi. Sa halip, pinuno niya ang oras niya ng pagtataboy sa mga manliligaw niya at ang pagkawili sa sports. Bukod sa captain siya sa baseball team nila ay ilang medalya na rin

ang naiuwi niya sa taekwondo. Sports buff din ang ama nila kaya sinusupportahan siya nito sa mga gusto niya. Ang tanging ipinag-aalala nito ay wala raw itong tagapagmanang lalaki na magma-manage ng kompanya. Buti na lang, mukhang mamanugangin nito si Martin.

Nang ipakilala ng Ate Belle niya ang naririnig niyang Martin Palanca na kasintahan na nga nito, at nang iprisinta ito sa isang family dinner, muntik na niyang maibuga ang tubig na kaiinom lamang niya. Klarung-klaro pa sa memorya niya ang mukha ng lalaki, at kung anong idinungis nito sa inosente niyang mga mata, isang gabi sa lilim ng punong mangga!

2

Seven years later...

“B-Boss! Tama na!” Kinakapos na sa paghinga at hirap na magsalita ang lalaking nakukulang ang leeg sa diin ng braso ni Sandy. Kasalukuyan silang nasa tatami mat at ang kawawang lalaki ay hapung-hapo na. Inalis ng dalaga ang pagkakadiin ng braso sa leeg nito. Suwabe siyang napatayo at inabot ang iniitsang water bottle at bimpopo ni Douglas, ang kanyang assistant. Nakatalikod siya ngunit dinig pa niya ang paghingal ng naging sparring partner.

“Ang hina naman nitong recruit mo, Douglas. Mukhang matatalo pa ito ng mga estudyante ko, ha?” Nilingon niya ang labing-siyam na taong gulang na binatilyong nagpupunas din ng pawis. Twenty-one years old na siya ngayon at binansagan na siya ng mga kakilala bilang the ‘It’ girl pagdating sa larangan ng kung anu-anong klaseng sports.

“Boss, maganda naman ang sparring n’yo. Medyo nadale n’yo lang sa huli. Mahirap talaga kayong patumbahin,” komento ni Douglas na nakangiti na ngayon at tinulungang akayin ang binatilyo. Napatangu-tango ang dalaga.

“Ano nga’ng pangalan mo?” tanong niya habang pinupunasan ang toned na braso. Tinanggal niya ang tali ng mahaba at makintab niyang buhok.

“Winston, Boss,” ngisi ng binatilyo na kita ang pagkamangha sa kanya.

“Okay, hindi na rin masama. You can start tomorrow. Magiging assistant kita sa judo class ko bukas pati na rin sa taekwondo. Monday through Saturday ang pasok mo. Dahil summer ngayon, marami ang nag-enroll.”

Nang makapagtapos siya ng kolehiyo ay napagdesisyunan niyang muling buksan ang training center ng yumaong Tito Glen niya. Ito ang kaisa-isang kapatid ng kanyang ama at nang namatay ang kanyang tiyuhin ay napilitang isara iyon ng asawa nito. Ibinenta ng babae noon ang building at lote na kinatatayuan ng center. Humiram siya ng puhunan sa daddy niya upang mapakinabangan iyon.

Noong siya ay nasa kolehiyo pa, mas umigting ang training niya sa taekwondo sa ilalim ng pagtuturo ng kanyang tito, at nakakuha pa siya ng mga medalya sa national games. Nagsimula na rin siyang kumolekta ng certificates sa judo noon.

Sa ilang buwan na pagbubukas ng training center

ay may mangilan-ngilan na rin silang nakukuhang customers. Mukhang napakasuwerte niya at kagagraduate pa lang noon ay may business venture na siya na naaayon sa abilidad at passion niya.

Nagpaalam ang kanyang assistant instructor sa judo dahil manganganak ang asawa nito, kaya kinailangan niyang maghanap ng proxy nito. Isa pa, abala rin siya sa pagtulong sa paghahanda ng kasalan ng ate niya.

Nag-propose na si Martin sa kanyang kapatid may dalawang buwan na ang nakararaan, matapos mamatay ni Tito George sa sakit ng puso at matapos mailipat ang mana sa pangalan ng binata. Now, he was managing the multimillion corporation of the Palancas, na kabahagi na rin ang kompanya nila. Soon, Belle would be the wife of a business tycoon.

Tatahakin na sana ng dalaga ang kuwarto kung saan naroon ang maliit niyang office nang biglang tumunog ang cellphone niya. Napakunot-noo siya ng mabasa ang pangalan ng caller.

Samantala...

Hindi mapakali si Martin, hawak-hawak ang halatang nilukot na papel sa kamay.

“Hello, Sandy? Yes, it’s me.”

Papasok na sana siya ng opisina nang matagpuan ang liham na sulat-kamay ni Belle na nakapatong sa breakfast table niya.

“Bakit? Ano’ng kailangan mo?” anang kausap sa kabilang linya.

“Nasaan ang ate mo?” usisa niya.

“What? Tumawag ka lang sa akin para itanong kung nasaan ang magaling mong mapapangasawa? Malay ko, kayong dalawa naman ang madalas magkasama.”

“Hell!” sigaw niya sa cellphone. “You don’t know? Your sister just backed out of the wedding! Sinulatan niya ako, she told me that she’s going to wherever, whatever!”

Natahimik ang nasa kabilang linya, ilang segundo at sinigawan rin siya nito.

Hindi niya napigil ang pagbugso ng damdamin, lalo na at kausap niya si Sandy ngayon. “Your family better find Belle quickly, or something unfavorable will happen!” madilim ang mukha na usal niya. Tinapos na niya ang tawag at napasigaw sa galit.

“Papa, Papa, mahahanap natin si Ate, maniwala

ka. Magi-guilty rin siya, tatawagan niya si Martin!”

Dalawang araw nang nakaratay ang ama niya sa kama. Inatake ito ng altapresyon nang malaman na umurong si Belle sa kasal nito kay Martin.

“A-Anak, wala akong mukhang maiharap sa mga Palanca, sa pagtulong nila sa pamilya natin, sa pagbibigay sa akin ng isa sanang napakabuting mamanugangin, ng isang anak sanang lalaki sa katauhan ni Martin... Paano ko ipapaliwanag iyon sa Tita Marie mo?” naghihirap ang kalooban na saad nito, tinutukoy ang ina ni Martin.

Pinagmasdan ni Sandy ang kanyang ama. Mr. Felipe Valencia was a good man, a man of tradition, a man who kept his promises and valued friendship. Pakiramdam niya, wala siyang magawa upang pagaanin man lang kahit kaunti ang dinaramdam nito sa pagkasira ng isang kasunduan sa matalik na kaibigan.

Ilang tao na ang kinontak niya, maging ang modeling agency at agent ng ate niya at pati si Lace, subalit lahat ng mga ito ay walang kaide-ideya sa lokasyon ng kanyang kapatid. Kinontak niya si Toby sa Amerika kung saan ito nag-aaral ng Film Directing at humingi ng tulong dito. Ang tanging nai-offer nito ay kumpirmahin kung may kinalaman ang kuya

nito sa sitwasyon, and to her amazement, may isang linggo na rin daw na nagpaalam si Tristan mula sa mga tauhan nito sa farm sa Cebu na magbabakasyon muna. Wala ring nakakaalam sa lokasyon nito. Did her sister run away with Tristan?

Paminsan-minsan ay umuuwi ang lalaki sa subdivision nila. Posible kayang nagkaroon ng communication ang ate niya at kuya ni Toby nang patago?

“No...” Ipinilig ni Sandy ang ulo, nilakasan niya ang speed ng pedometer hanggang sa siya ay halos kapusin ng hininga. “But It could be possible. Maaaring si Tristan nga ang tumakas kay Ate. Why does Belle have to run away and copy the dramas? Kung sabihin na lang kaya niya ang totoo? Hell!”

“Tristan?” ulit ng isang boses na halos magpaigtad sa kanya. Muntik na siyang mawalan ng balanse at mahulog kung hindi siya mabilis na napakapit sa head ng machine. Si Martin iyon, wearing a sweatshirt and a pair of shorts, pawisan din ito, at humihingal.

“I finally got you, stubborn,” madilim ang mukha na usal ng lalaking nakatayo sa gilid niya ngayon. He turned off the machine. “Kung saan-saang gym

ako nagpunta, pati training center mo, pinuntahan ko. Let's talk.”

She did not budge. Takot siyang makipag-usap dito, baka kung ano ang ibalita nito sa kanya. “Hinahanap ko pa siya...” tanging tugon niya. It did not escape her attention; Martin looked leaner now, lalaking-lalaki ang dating, mas mature tingnan. Sa pagdaan ng panahon ay hindi nakaiwas sa panunuri niya ang animo dumaragdag ditong kung anong charisma. Iniiwas niya ang tingin, at mukhang sa pagdaan nga ng panahon, mukhang nandoon pa rin ang pamilyar na pakiramdam niya para rito. *God!*

Akmang i-switch on niyang muli ang machine nang biglang pigilan ng kamay nito ang kamay niya. She felt delightful warmth suddenly creep in through her, kaya maliksi pa sa kidlat nang maiwaksi niya ang kamay nito. “What do you want? Iniwan ka ng ate ko, kaya't pansamantalang tapos na rin siguro ang ugnayan natin!” Pinanlakihan niya ito ng mata.

“Exactly!” gigil na tugon ng lalaki. “Ang pamilya ko at ako ang inagrabyado, kaya siguro naman ay mas excited dapat ang pamilyang nang-agrabyado upang kausapin ang panig namin!”

Hindi na nakakibo si Sandy.

Inaya siya ng binata na magtungo sa isang coffee shop na malapit sa gym. Hindi na siya tumanggi dahil nagbanta itong kakaladkarin siya upang sumama rito.

She quietly sipped her coffee. Sa kauna-unahang pagkakataon ay magkaharap silang nakaupo sa isang maliit na mesa, like they were friends again, chatting over something. Ngunit batid nilang may nagbago na. Seven years ago, when she was fourteen, something happened under her mango tree. Then when she was eighteen, something happened in the same spot, something that could change what was between them. As if that mango tree held a spell, to change them through peculiar events, na sa huli ay mas mainam na lang na kalimutan.

“Alam mo ang tungkol dito at hindi mo man lang sinabi sa akin?” untag ni Martin.

“It’s not that you would want to know...” Tinitigan niya ang ibinigay ritong lumang sulat ng ate niya. “Malay ko ba? You already have years, imagine? Years of on and off relationship! Marahil ay mahal ka na ng kapatid ko no matter how on and off it was. Now, talking about this Tristan—“

“The elder brother of your ex-boyfriend,” salo nito. Hindi niya alam kung para saan pa iyon dahil may kumislap na malokong kinang sa mga mata nito.

Noong eighteen siya ay niligawan siya ng best friend at sinagot niya si Toby. Buti na lang, napagtanto nilang nilang pareho na mali iyon. They broke up peacefully and tried to save what was left of their friendship. But that event brought her more than a dose of heartaches, na gusto na niyang kalimutan.

“Toby is my best friend!” she hissed. Hindi niya alam kung bakit kailangan niyang maging defensive in the first place at magmalinis dito.

“As you see, this was my final blow for sticking with your sister,” mapait na turan ng kausap.

She eyed him now with sincerity. Alam niyang mahirap para rito ang naganap, lalo na’t nasaksihan niya lahat. How he forgave her sister despite the imperfections of their relationship.

“Kung hindi man magpakita si Belle, then, you have nothing left to do but cancel the wedding...” Hindi niya alam kung bakit may parte sa kanya ang nag-udyok na dapat ay magdiwang siya. This guy, after all, was never meant to be her brother-in-law and... *Maybe something else?* Mabilis niyang pinagalitan ang utak niya.

“And what?” Tumaas ang tinig nito. “Consider this as nothing? Ipagpatuloy ang buhay ko? Patuloy

na makikinabang ang kompanya n'yo sa amin?" Halos lumabas ang ugat nito sa bugso ng galit. "This is not as easy as you think, kiddo!"

"Yes, I know, and don't you call me 'kiddo'!" She hated it, his term of endearment for her. Pakiramdam niya ay isa lamang siyang paslit sa paningin ng lalaki at wala nang iba. *Nothing more? Bakit?*

Sa gulat niya ay nag-iba ang ekspresyon sa mukha ni Martin. He eyed her intently na animo sinusuri siya.

"Do you know how much I've cashed out for this wedding, Sandy? All is set up, invitations sent out. Press invited. Sa tingin ko, pag hindi dumating si Belle sa araw ng kasal namin, maaari kong masira ang kompanya n'yo sa isang puwing lang. I'm gonna do that!" Naningkit ang mga mata nito.

"Pa'no kung hindi talaga siya dumating?" naiinis na hamon niya.

"If not, then the last option would be to turn my supposed to be sister-in-law as my wife..." suwabe nitong pahayag, "as a replacement for my runaway bride..."

Napamaang siya. Horror crossed her face. "N-no, Martin! You can't do that!" angil niya.

Substitute Bride - Dana Rivera

“Yes, I can, little sweetheart...”